

Sistema ng Alokasyon ng mga Lugar sa Paaralang Sekundaryo ng 2020/2022
Notes for Parents tungkol sa Aplikasyon para sa mga Diskresyunaryong Lugar sa
Sekundaryang Unang
(Binago noong Pebrero 2022)

Ang mga magulang ng Primarya 6 na mag-aaral na nais mag-apply para sa diskresyunaryong lugar (DP) sa Sekundarya 1 (S1) sa pamamagitan ng Sistema ng Alokasyon sa Lugar para sa Mga Sekundaryang Paaralan (SSPA) 2020/2022 ay pinapayuhang basahin nang mabuti ang dokumentong ito (Notes for Parents) at sumangguni sa Application Form para sa Diskresyunaryong Lugar sa Sekundarya One (Application Form) at ang Mga Puntong Tatandaan mula rito.

Mga Kinakailangan

2. Maaaring mag-apply ang bawat mag-aaral sa **hindi hihigit sa dalawang** lumalahok na sekundaryang paaralang nakalista sa Handbook ng Aplikasyon para sa mga Diskresyunaryong Lugar sa Sekundarya Unang (Handbook), kung hindi man ang kanyang pagkakataong makakuha ng DP ay mawawala. Inilathala ang Handbook ng Kagawaran ng Edukasyon (EDB) at ibibigay sa mga primaryang paaralan para sa sanggunian ng mga magulang sa araw kung kailan ibabahagi ang Mga Application Forms at Notes for Parents. Maaari ring bisitahin ng mga magulang ang Homepage ng EDB (www.edb.gov.hk) (Piliin ang: Home > Education System and Policy > Primary and Secondary Education > School Places Allocation Systems > Secondary School Places Allocation (SSPA) System) upang i-download ang mga listahan o tawagan ang 24 na oras na Awtomatikong Sistema ng Pagtatanong sa Telepono ng EDB sa 2891 0088 (Pindutin ang 2 (Ingles) > 5 (Mga Serbisyo sa Fax) > 04 (Sistema ng Alokasyon sa Lugar para sa Mga Sekundaryang Paaralan)) upang makuha ang mga listahan sa pamamagitan ng fax.

3. Bukod sa paggawa ng mga aplikasyon sa DP sa hindi hihigit sa dalawang lumalahok na sekundaryang paaralan, maaari ring mag-apply ang mga mag-aaral sa Jockey Club Ti-I College¹ at sa Iskema ng Direktang Subsidyo (DSS) na mga sekundaryong paaralan na hindi lumalahok sa Sistema ng SSPA (NDSS secondary schools)² para sa lugar sa S1.

Panahon ng Pag-apply

4. Magiging pareho ang panahon ng pag-apply sa DP para sa lahat ng lumalahok na sekundaryang paaralan, simula **Enero 3 (Lunes) hanggang Enero 17, 2022 (Lunes), parehong kasama ang mga petsa.**

¹ Ang panahon ng aplikasyon para sa admission ng S1 sa Jockey Club Ti-I College ay simula ika-3 ng Enero (Lunes) hanggang ika-19 ng Enero 2022 (Miyerkules). Kung matagumpay ang mga mag-aaral sa kanilang aplikasyon sa Jockey Club Ti-I College, hindi sila ilalaan sa DP o lugar sa sentrong alokasyon (CA) sa ilalim ng Sistema ng SSPA. Kung hindi sila matagumpay sa kanilang aplikasyon, maaari pa rin silang dumaan sa Sistema ng SSPA para sa alokasyon ng lugar ng S1.

² Ang NDSS secondary schools ay may kani-kanyang iskedyul para sa aplikasyon. Para sa mga detalye, mangyaring makipag-ugnayan sa mga paaralang direktang nauugnay. Dahil walang limitasyon sa bilang ng NDSS secondary schools na maaaring applyan ng isang mag-aaral, maaari siyang tanggapin ng iba't ibang NDSS secondary schools. Gayunpaman, basta't naibigay na mga magulang at nilagdaang kasulatan at ang orihinal na Form ng Rekord ng Estudyante sa Primarya 6 sa isa sa mga paaralang nag-aalok, ito ay magsisilbing isang kumpirmasyon ng pagtanggap sa lugar na S1 na iniaalok ng mga NDSS secondary school, pati na ang kasunduan na isuko na ang anumang mga lugar na S1 na may subsidyo (kasama ang mga subsidized na lugar para sa S1 ng mga nakikilahok na paaralang sekundaryo at Jockey Club Ti-I College) na ilalaan sa kabuuan ng Sistema ng SSPA. Aabisuhan ng paaralan ang EDB tungkol sa desisyon ng magulang sa pagsisimula ng Hunyo 2022. Sa pagtanggap sa mga matagumpay na listahan mula sa NDSS secondary schools, hindi ilalaan ng EDB ang mga mag-aaral sa listahan sa iba pang mga sekundaryang paaralan gamit ang Sistema ng SSPA. Tungkol sa Listahan ng Mga Sekundaryang Paaralang DSS na Hindi Lumalahok sa SSPA 2020/2022, maaaring lapitan ng mga magulang ang mga primaryang paaralan ng kanilang anak. Maaari ring bisitahin ng mga magulang ang Homepage ng EDB (www.edb.gov.hk) (Piliin ang: Home > Education System and Policy > Primary and Secondary Education > School Places Allocation Systems > Secondary School Places Allocation (SSPA) System) upang i-download ang Mga Listahan o tawagan ang 24 na oras na Awtomatikong Sistema ng Pagtatanong sa Telepono ng EDB sa 2891 0088 (Pindutin ang 2 (Ingles) > 5 (Mga Serbisyo sa Fax) > 04 (Sistema ng Alokasyon sa Lugar para sa Mga Sekundaryang Paaralan)) upang makuha ang Mga Listahan sa pamamagitan ng fax.

Para sa mga oras ng pagpapatakbo sa mga indibidwal na paaralan, ang mga katanungan ay dapat itanong nang direkta sa paaralan.

Application Form

5. Espesyal na idinisenyo ang Application Form para sa paggamit ng mga mag-aaral sa paggawa ng aplikasyon sa DP na may suporta ng pamahalaan at caput na sekundaryang paaralan pati na rin ang mga sekundaryang paaralang DSS na lumahok sa Sistema ng SSPA (ibig sabihin, mga paaralang nakalista sa Handbook). Ang bawat lumalahok na Primary 6 na mag-aaral ay tumatanggap ng dalawang Application Forms sa pamamagitan ng dumadalong primaryang paaralan.

6. Hinahati ang bawat Application Form sa apat na bahagi: Kopya ng EDB (asul), Kopya ng Paaralan (berde), Kopya ng Magulang (pula) at Pagkakasunud-sunod na Gustong Paaralan (Order of School Preference) (Ang Pagkakasunud-sunod na Gustong Paaralan 1 ay nangangahulugang ang unang pagpipilian at ang Pagkakasunud-sunod na Gustong Paaralan 2 ay nangangahulugang ang pangalawang pagpipilian) (pula). Nauna nang na-print ang mga detalye ng mag-aaral sa bawat bahagi ng Application Form. Kunin bilang halimbawa ang Kopya ng Magulang, kasama sa nauna nang na-print na impormasyon ang:

- Siklo ng Alokasyon
- Numero ng Sanggunian ng Mag-aaral
- Numero ng Aplikasyon
- Pangalan ng Mag-aaral
- Kasarian
- Petsa ng Kapanganakan
- Dinadaluhang Primaryang Paaralan

7. Pagkatapos kolektahin ang Application Form at ang Form ng Rekord ng Primary 6 na Mag-aaral³, hinihiling sa mga magulang na suriin agad kung ang sumusunod na nauna nang na-print na impormasyon ay pareho sa mga personal na detalye sa dokumento ng pagkakakilanlan ng kanilang anak:

- Pangalan ng Mag-aaral
- Kasarian
- Petsa ng Kapanganakan

Sa kaso ng mga pagkakaiba, dapat ipagbigay-alam agad ng mga magulang sa primaryang paaralan ng kanilang anak upang maisagawa ang mga susog, na dapat itaguyod ng stamp chop ng primaryang paaralan. Hindi dapat baguhin ng mga magulang sa kanilang sarili ang anumang nauna nang na-print na impormasyon sa Application Form, at hindi sususugan ng mga sekundaryang paaralan na kanilang ina-applayan ang nauna nang na-print na impormasyon para sa kanila sa oras ng pagtanggap ng Application Form.

Mga Paraan sa Aplikasyon

8. Maaaring piliin ng mga magulang kung mag-aapply man sa DP. Kung magpasya ang mga magulang na gumawa ng aplikasyon sa DP, dapat nilang sundin ang mga paraan sa ibaba sa pagsusumite ng Application Form:

- (i) Punan ang pangalan ng sekundaryang paaralan na aapplayan sa puwang na ibinigay sa a hat ng apat na bahagi ng Application Form batay sa kagustuhan.
- (ii) Tanggalin ang bahaging naglalaman ng Pagkakasunud-sunod na Gustong Paaralan para sa pagpapanatili at rekord (Hindi kailangan ng mga mag-aaral na ipahiwatig ang pagkakasunud-sunod na gusto nila sa mga paaralang ina-applayan nila). Ang tatlongib a pang bahagi ay dapat panatilihing buo.

³ Ginagamit ang Form ng Rekord ng Primary 6 na Mag-aaral bilang dokumento ng pagkakakilanlan kapag ang mga mag-aaral ay gumagawa ng aplikasyon para sa admission ng S1 sa Jockey Club Ti-I College at NDSS secondary schools.

- (iii) Isumite ang Kopya ng EDB, Kopya ng Paaralan at Kopya ng Magulang na may parehong Numero ng Aplikasyon (magkakasama nang buo ang tatlong bahagi) direkta sa sekundaryang paaralan, kasama ang iba pang mga dokumentong kailangan ng paaralan (kasama ang form ng admission sa paaralan na ganap na kumpleto).
- (iv) Gumawa ng orihinal na dokumento ng pagkakakilanlan ng aplikante para sa pagsusuri ng sekundaryang paaralan.
- (v) Bilang pangwakas, tanggapin ang kopya ng magulang mula sa sekundaryang paaralan na mayroon ng chop ng paaralan, pangalan ng paaralan at code ng paaralan para sa pagpapanatili at rekord.

Dapat tandaan ng mga magulang na sa sandaling maisumite ito, ang Application Form ay hindi na mababawi o makakansela at wala nang pagbabago ang maaaring gawin sa pagkakasunud-sunod na gustong paaralan.

9. Kung ang mga mag-aaral ay **mag-apply sa isa lang na sekundaryang paaralan**, dapat gamitin ang Application Form sa Pagkakasunud-sunod na Gustong Paaralan 1. Kung parehong isusumite ng isang mag-aaral ang kanyang Mga Application Forms sa parehong paaralan, ipoproseso lamang ng EDB ang aplikasyon sa Pagkakasunud-sunod na Gustong Paaralan 1, at ipapawalang-bisa ang Pagkakasunud-sunod na Gustong Paaralan 2. Hindi naililipat ang anumang hindi nagamit na Application Form. Maaaring itago o sirain ng mga magulang ang Mga Application Forms sa kanilang sarili pagkatapos ng panahon ng aplikasyon.

10. Sa ilalim ng mga sumusunod na pangyayari, hindi hahawakan ng sekundaryang paaralan ang mga Application Forms:

- Mga Application Forms na ipinadala sa koreo o isinumite pagkatapos ng deadline
- Mga Application Forms na may mga susog sa Siklo ng Alokasyon, Numero ng Sanggunian ng Mag-aaral at Numero ng Aplikasyon
- Mga Application Forms na may mga susog sa Pangalan ng Mag-aaral, Kasarian at Petsa ng Kapanganakan, nang walang stamp chop ng primaryang paaralan
- Kopya, nasira o 'di kumpletong Mga Application Forms

Alokasyon sa Lugar sa Paaralan

11. Maaaring kumuha ng kanilang sariling pamantayan sa admission ang mga lumalahok na sekundaryang paaralan alinsunod sa kanilang pilosopiya't kulturang pang-edukasyon. Dapat nilang isapubliko ang kanilang pamantayan sa admission at pagtitimbang pati na rin ang bilang ng DP para sa aplikasyon, na dapat ipaskil sa prominenteng lugar ng paaralan o ibigay sa bawat aplikanteng mag-aaral nang nakasulat bago ang admission. Bago mag-apply sa paaralan, dapat sumangguni ang mga magulang sa pamantayan ng admission at pagtitimbang na itinakda ng paaralan. Maaaring magsagawa ang paaralan ng mga panayam, ngunit hindi dapat magsagawa ng mga pagsusulit.

12. Ang lahat ng lumalahok na sekundaryang paaralan (kabilang ang Jockey Club Ti-I College) ay kailangang, pagkatapos ng pagproseso ng mga aplikasyon sa DP, abisuhan ang mga magulang ng lahat ng matagumpay na mga aplikante ng pagkakasali ng kanilang anak sa Matagumpay na Listahan para sa Mga Diskresyunaryong Lugar sa pamamagitan ng liham at telepono sa Mayo 4, 2022. Kailangan ng mga paaralan na ipagbigay-alam sa mga magulang ang tungkol sa mga pag-aayos sa pag-abiso, at kolektahin muna ang kailangang impormasyon sa pakikipag-ugnayan mula sa mga magulang. Ang mga abiso sa pag-aayos na ito ay hindi naaangkop upang magreserba ng mga 'di matagumpay na mga aplikante, **at hindi rin ng mga abiso sa mga resulta ng alokasyon**. Ang mga magulang na nauugnay dito ay hindi kailangang tumugon sa mga abiso.

13. Kung ang mga magulang na tumatanggap ng mga abiso mula sa mga lumalahok na sekundaryang paaralan ay matagumpay na nag-apply para sa isang lugar sa paaralan sa isang NDSS secondary school para sa kanilang mga anak, maaari silang magpasya kung pananatilihin ang inalok sa lugar na paaralan ng NDSS secondary school sa o bago ang Mayo 12 2022 . Kung magpasya ang mga magulang na panatilihin ang lugar sa paaralan na inaalok ng NDSS secondary school, dapat nilang balewalain ang mga abiso mula sa mga lumalahok sa sekundaryang paaralan. Kung magpasya silang tanggihan ang alok mula sa NDSS secondary school, maaari nilang abisuhan ang kaugnay na NDSS secondary school at kunin ang nilagdaang kasunduan at orihinal na kopya ng Form ng Rekord ng Primary 6 na Mag-aaral sa o bago ang Mayo 12 2022 upang mapanatili ang DP na matagumpay nilang nakuha. Kapag nakuha ang mga nauugnay na dokumento, magsisilbi itong kumpirmasyon na isinuko na ng mga kinauukulang magulang ang lugar sa paaralan ng S1 na inalok noon ng NDSS secondary school.

14. Batay sa mga Matagumpay na Listahan para sa Mga Diskresyunaryong Lugar na isinumite ng mga lumalahok na sekundaryang paaralan, magbibigay ang EDB sa bawat lumalahok na primaryang paaralan ng kani-kanyang listahan ng mga mag-aaral na naabisuhan bilang matagumpay na aplikante sa DP (na hindi ipapakita ang pangalan ng mga kinauukulang sekundaryang paaralan at kung napili man ang mga mag-aaral bilang matagumpay na mga aplikante sa isa o dalawang sekundaryang paaralan) sa unang bahagi ng Mayo 2022.

15. Ang mga pag-aayos sa Mga Talata 12 hanggang 14 ay mga panukalang pang-administratibo at ang umiiral na mekanismo ng SSPA ay mananatiling hindi nagbabago. Ang bawat Application Form ay may natatanging numero para sa pagkilala sa pagkakasunud-sunod na gustong paaralan ng mag-aaral. Itutugma ng EDB ang kagustuhan ng mga mag-aaral laban sa Mga Matagumpay/Nakareserbang Listahan para sa Mga Diskresyunaryong Lugar. Kung matagumpay ang isang mag-aaral sa parehong mga paaralan na in-apply niya, at hindi tumanggap ng lugar sa paaralan mula sa anumang NDSS secondary school, itatalaga sa kanya ang lugar ng S1 ng kanyang unang piniling paaralan batay sa kanyang gustong pagkakasunud-sunod.

16. Ang mga mag-aaral na matagumpay sa aplikasyon sa DP ay hindi bibigyan muli ng lugar sa paaralan sa CA. Ang mga hindi naging matagumpay sa pagkuha ng DP ay bibigyan ng lugar sa CA. Kung nag-apply ang mga magulang sa isang sekundaryang paaralan na sa huli ay hindi mag-aalok ng mga lugar ng S1 sa ilalim ng Sistema ng SSPA sa siklo ng alokasyong ito, hindi ipoproseso ang aplikasyong iyon.

17. Ang mga magulang na hindi nag-apply sa DP para sa kanilang mga anak, o hindi nakatanggap ng abiso mula sa mga lumalahok na sekundaryang paaralan ng pagsasama ng kanilang mga anak sa Mga Matagumpay na Listahan para sa Diskresyunaryong Lugar ay dapat magsumite ng ganap na nakumpletong Form ng Paaralan sa Pagpili sa Secondary One (Choice Form) sa EDB sa bandang katapusan Mayo 2022 sa pamamagitan ng kanilang mga primaryang paaralan. Ito ay para matiyak na ang mga mag-aaral ay mailalaan pa rin sa mga lugar ng S1 sa pamamagitan ng CA kung ang kanilang mga aplikasyon sa DP ay hindi naging matagumpay. Ang mga magulang na naabisuhan ng mga lumalahok na sekundaryang paaralan ng pagsasama ng kanilang mga anak sa Mga Matagumpay na Listahan para sa Mga Diskresyunaryong Lugar ay hindi kailangang gumawa ng mga pagpipilian sa paaralan. Kailangan lang nilang i-cross out ang mga bahagi sa mga pagpipiliang paaralan, lagdaan ang Choice Form matapos punan ang impormasyon ng contact at ibalik ang Choice Form sa mga paaralang pinapasukan ng kanilang mga anak. **Ang mga resulta ng DP at CA ay ilalabas nang sabay sa Hulyo 26 2022**⁴. Hindi kailangang magtanong ng mga magulang

⁴ Ang petsa para sa mga primaryang paaralan upang kolektahin ang mga resulta ng alokasyon ay sa Hulyo 25 2022. Kung inanunsyo ng EDB ang pagsasara ng mga paaralan sa umaga sa araw na iyon dahil sa paglalabas ng Babala sa Bagyo na Signal Pre-No.8 / No.8 (Tropical Cyclone Warning) o mas mataas pa, ang koleksyon ng mga resulta ng alokasyon ay ipagpapaliban sa Hulyo 26 2022. Ang anunsyo ng mga resulta ng alokasyon ay ipagpapaliban mula Hulyo 26 2022 hanggang Hulyo 27 2022 alinsunod dito. Kung sa umaga, sa araw ng anunsyo ng mga resulta ng alokasyon (ibig sabihin, Hulyo 26, 2022), inihayag ng EDB ang pagsasara ng mga paaralan dahil sa paglabas ng Babala sa Bagyo na Signal Pre-No.8 / No.8 (Tropical Cyclone Warning) o mas mataas pa o Pula o Itim na Rainstorm Warning Signal, ang anunsyo ng mga resulta ng alokasyon ay ipagpapaliban sa susunod na araw ng pasukan.

sa mga paaralang ina-aplayan nila bago ang anunsyo ng mga resulta.

Aplikasyon para sa Pagpapalit ng Application Form

18. Ang pagpapalit ng nasira o nawalang Mga Application Forms ay maaaring makuha nang personal sa Seksyon ng Alokasyon (SPA) sa Lugar para sa Paaralan. Mga dokumento ng pagkakakilanlan na nagpapakita ng Numero ng Sanggunian ng Aplikanteng Mag-aaral na dapat gawin sa oras ng pagpapalit ayon sa pagsusuri. Sisingilin ang bayad ng HK\$125 sa bawat pagpapalit. Kung ang Application Form inaakalang nawala na ay natagpuan matapos mailabas ang kapalit na kopya, dapat gamitin ng mga magulang ang kapalit na kopya at sirain ang kopyang natagpuan. Hindi dapat gamitin ng mga magulang ang Mga Application Forms may parehong Pagkakasunud-sunod na Gustong Paaralan para sa aplikasyon sa higit sa isang sekundaryang paaralan, kung hindi man, ang tsansa ng kanilang mga anak na makakuha ng DP ay mawawala.

Mga Katanungan

19. Para sa karagdagang katanungan, maaaring kumonsulta ang mga magulang sa mga primaryang paaralan ng kanilang mga anak o makipag-ugnayan sa SPA sa Lugar para sa Paaralan (SSPA) ng EDB sa 2832 7740 o 2832 7700.

Seksyon ng Alokasyon ng Mga Lugar sa Paaralan
Kagawaran ng Edukasyon
Disyembre 2021
(Binago noong Pebrero 2022)